

BAKIT DAPAT MAHALIN ANG DIYOS (BAHAGI 2 NG 2)

Marka:

Paglalarawan?: Ang pag-unawa sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga Pangalan, at kung paano matanggap ang Kanyang espesyal na pag-ibig.


Ni: Hamza Andreas Tzortzis (<http://www.hamzatzortzis.com>)

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 04 Dec 2017

Awa

Sinasabing ang isa pang salita para sa pag-ibig ay awa. Ang isa sa mga pangalan ng Diyos ay Ang-Maawain; ang salitang Arabic na ginamit ay *Ar-Rahmaan*. Ang pagsasalin ng Ingles na ito ay hindi ganap na kumakatawan sa lalim at kasidhian na ang kahulugan na dala ng salitang ito. Ang pangalang *Ar-Rahmaan* ay may tatlong pangunahing konotasyon: ang una ay ang awa ng Diyos ay isang matinding awa; ang pangalawa ay ang Kanyang awa ay isang agarang awa; at ang pangatlo ay isang awa na napakalakas na walang makapipigil dito. Ang awa ng Diyos ay sumasaklaw sa lahat ng mga bagay at mas pinipili Niya ang patnubay para sa mga tao. Sa aklat ng Diyos, ang Quran, sinabi Niya,



"... ang Aking habag ay laganap sa lahat ng bagay....." (Quran 7:156)

"Ang Mahabagin. [Kanyang] itinuro ang Quran [sa tao]." (Quran 55:1-2)

Sa talata sa itaas, sinabi ng Diyos na Siya ay Ang-maawain, na maiintindihan bilang "Panginoon ng Awa", at itinuro Niya ang mga Quran. Ito ay isang lingguwistika na pahiwatig upang idiin na ang Quran ay ipinahayag bilang isang pagpapakita ng awa ng Diyos. Sa madaling salita, ang Quran ay tulad ng isang malaking Pag-ibig na Liham sa sangkatauhan. Katulad ng totoong pag-ibig, ang nagmamahal ay nais ang mabuti para sa minamahal, at binabalaan sila sa mga kapahamakan at mga hadlang, at ipinakita sa kanila ang daan sa kaligayahan. Hindi naiiba ang Quran: nananawagan ito sa sangkatauhan, at binabalaan at ipinapahayag ang mga maligayang balita.

Espesyal na Awa

Nakakonekta sa *Ar-Rahmaan*, ay *Ar-Raheem*. Ang pangalang ito ay nagbabahagi ng parehong ugat tulad ng nakaraan, na nagmula sa salitang Arabe mula sa sinapupunan. Ang

pagkakaiba sa kahulugan gayunpaman ay makabuluhan. Ang Ar-Raheem ay tumutukoy sa isang espesyal na awa para sa mga nais na yakapin ito. Ang sinumang pipiliing tanggapin ang patnubay ng Diyos ay mahalagang tanggapin ang Kanyang espesyal na awa. Ang espesyal na awa na ito ay para sa mga naniniwala at ito ay nahayag sa paraiso; walang humpay na kaligayahan sa Diyos.

Espesyal na Pag-ibig

Ayon sa Quran, ang Diyos ay Ang Mapagmahal. Ang pangalan sa Arabe ay Al-Wadood. Tumutukoy ito sa isang espesyal na pag-ibig na maliwanag. Nagmula ito sa salitang wud, na nangangahulugang pagpapahayag ng pag-ibig sa pamamagitan ng gawa ng pagbibigay: "At Siya ang Mapagpatawad, ang Mapagmahal." (Quran 85:14)

Ang pag-ibig ng Diyos ay lampas sa lahat ng iba't ibang uri ng pag-ibig. Ang kanyang pag-ibig ay higit sa lahat ng makamundong anyo ng pag-ibig. Halimbawa, ang pag-ibig ng isang ina, kahit na hindi makasarili, ay batay sa kanyang panloob na pangangailangan na mahalin ang kanyang anak. Kinumpleto siya neto, at sa pamamagitan ng kanyang mga sakripisyo ay nararamdaman niya na siya ay buo at kontento. Ang Diyos ay isang independiyente na walang pangangailangan at perpekto; Wala siyang hinihiling na anuman. Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi batay sa pangangailangan o nais; samakatuwid ito ay ang purong anyo ng pag-ibig, sapagkat wala Siyang nakukuha mula sa pagmamahal Niya sa atin.

Sa liwanag na ito, paano natin hindi mamahalin ang Diyos na higit na mapagmahal kaysa sa anumang maisip natin? Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala), "Ang Diyos ay higit na nagmamahal sa Kanyang mga lingkod kaysa sa isang ina sa kanyang mga anak."[\[1\]](#)

Kung ang Diyos ang pinaka-mapagmahal, at ang Kanyang pag-ibig ay mas malaki kaysa sa pinakadakilang makamundong pag-ibig na naranasan natin, dapat itong itanim sa atin ng mas malalim na pag-ibig sa Diyos. Ang mahalaga, ito ay dapat gawin nating nais na mahalin Siya sa pamamagitan ng pagiging isa sa Kanyang mga lingkod. Sinabi ni Al-Ghazali na, "Para sa mga pinagkalooban ng pang unawa sa katotohanan walang layon ang pag-ibig kundi ang Diyos, o meron pabang sinuman maliban sa Kanya na nararapat sa pag-ibig."[\[2\]](#)

Mula sa isang pang-espiritwal na pananaw, ang pag-ibig ng Diyos ang pinakadakilang pagpapala na maaaring makamit ng sinuman, dahil ito ay isang mapagkukunan ng panloob na katiwasayan, katahimikan, at walang hanggang kaligayahan sa hinaharap. Ang hindi magmahal sa Diyos ay hindi lamang isang anyo ng kawalang utang na loob, kundi ito ang pinakadakilang anyo ng poot. Ang hindi magmahal sa Kanya na siyang mapagkukunan ng pag-ibig ay isang pagtanggì sa nagbibigay daan sa pag-ibig na maganap at punan ang ating mga puso.

Hindi pinipilit ng Diyos ang Kanyang espesyal na pag-ibig sa atin. Bagaman, sa pamamagitan ng Kanyang awa, Minamahal Niyang bigyan tayo ng bawat sandali ng ating buhay, upang lubos na yakapin ang pag-ibig ng Diyos at maging mga tatanggap

ng Kanyang natatanging pag-ibig, ang isang tao ay dapat na pumasok sa isang relasyon sa Kanya. Para bang ang pag-ibig ng Diyos ay naghihintay sa atin na yakapin ito. Gayunpaman, isinara natin ang pintuan at inilagay ang mga panangga. Sinasara natin ang pinto sa pamamagitan ng pagtanggì, hindi pagpansin at pagtanggì sa Diyos. Kung pipilitin ng Diyos ang Kanyang espesyal na pag-ibig sa atin, mawawala ang ibig sabihin ng pag-ibig. Mayroon tayong pagpipilian: upang sundin ang tamang landas at sa gayo'y magkamit ng natatanging pag-ibig at awa ng Diyos, o tanggihan ang Kanyang patnubay at harapin ang mga espirituwal na bunga.

Ang pinakamamahal na Diyos ay nagmamahal sa iyo, ngunit upang lubos mong yakapin ang natatanging pag-ibig na iyon, at upang maging makabuluhan ito, kailangan mong piliin na mahalin Siya at sundin ang landas na patungo sa Kanyang pag-ibig. Ang landas na ito ay ang landas ng Propeta na si Propeta Muhammad (nawa ang kapayapaan at mga biyaya ng Diyos ay sumakanya):

"Sabihin mo [sa kanila O Muhammad]: "Kung [tunay ngang] kayo ay nagmamahal sa Diyos, magkagayon Ako ay inyong sundin, [at] kayo ay mamahalin ng Diyos at Kanyang patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang Diyos ay Mapagpatawad, Maawain." (Quran 3:31)

Ang isang mahalagang katanungan na sumusunod dito ay: *Alam ko kung bakit dapat kong mahalin ang Diyos, ngunit paano ko siya mamahalin?* Nais kong sagutin ito sa ibang talakayan. Gayunpaman, upang tapusin, iiwanan ko kayo ng mga salita ng ika-14th na siglo na teologo na si Ibn Al-Qayyim:

"Walang pag-aalinlangan na ang perpektong paglilingkod sa Diyos ay bahagi ng perpektong pag-ibig, at ang perpektong pag-ibig ay konektado sa pagiging perpekto ng minamahal at ng Kanyang Sarili, para sa Diyos, nawa'y luwalhatiin siya, ay kumpleto at ganap na perpekto sa lahat ng aspeto, at walang anumang mga pagkukulang. Para sa isang katulad nito, walang maaaring maging mas mahal sa mga tao kaysa sa Kanya; hangga't ang kanilang pangunahing katangian at dahilan ay maayos, hindi maiiwasan na Siya ang magiging pinakamamahal sa lahat ng mga bagay sa kanilang mga puso. Walang alinlangan na ang pag-ibig sa Kanya ay humahantong sa pagsumite at pagsunod sa Kanya, hinahanap ang Kanyang kasiyahan, ginagawa ang pinakamaraming pagsamba sa Kanya at pagbaling sa Kanya. Ito ang pinakamahusay at pinakamalakas na motibo na gawin ang mga gawaing pagsamba."^[3]

Huling nabago 5 Abril 2017. Kinuha at inangkop mula sa aking libro "The Divine Reality: God, Islam & The Mirage of Atheism". Maaari kang bumili ng libro [dito](#).

Mga talababa:

[2]

Al-Ghazali. (2011) Al-Ghazali on Love, Longing, Intimacy & Contentment, p. 23.

[3]

Miftaah Daar al-Sa'aadah, 2/88-90.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/11269/bakit-dapat-mahalin-ang-diyos-bahagi-2-ng-2>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.